| | |
|---|---|
| PhilHealth<br>Your Partner in Health | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** |
| **Circular No.** | **2022-0024** |
| **Title** | **Statement of Account (SOA) Requirement for Z Benefits Claims Submission** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang Statement of Account (SOA) para sa Z Benefits claims? | Ito ay dokumento na naglalalaman ng buod ng ginastos sa ospital ng isang pasyente. Ang isang contracted health facility ay kailangang magpasa ng SOA kalakip ng iba pang claim documents para sa mga benepisyo ng Z Benefits |
| 2. Ano ang dapat nilalaman ng SOA? | Ang mga sumusunod na detalye ay dapat makita sa SOA:<br><br>1. Reference o control number na in-assign ng contracted health facilities (HFs);<br>2. Petsa (para sa inpatient care, ito ay patungkol sa petsa ng admission at discharge. Para naman sa outpatient services, petsa kung kailan nagsimula at natapos ng pag-avail ng Z Benefits ang pasyente. Maaaring mag-refer sa corresponding policy ng Z Benefit package na ia-avail);<br>3. Pangalan ng miyembro ng PhilHealth o pasyente;<br>4. PhilHealth identification number (PIN);<br>5. Petsa ng kapanganakan;<br>6. Kasarian;<br>5. Z Benefits package code at deskripsyon;<br>6. Tranche number at ang corresponding Z Benefits package rate;<br>7. Detalye ng hospital charges, professional at reader's fees;<br>8. Iba pang pinanggalingan ng pondo:<br>• Health maintenance organization (HMO),<br>• Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR)<br>• Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO),<br>• Malasakit<br>• Other or similar medical assistance<br>• Co-payment<br>• Out-of-pocket |
| 3. Mayroon bang iminumungkahing format sa pagpapasa ng Statement of Account (SOA)? | Walang itinakdang format para sa SOA. Ang mga katulad o katumbas na dokumento ng SOA ay maaaring gamiting kalakip sa pagpapasa ng claims para sa Z Benefits kagaya ng mga sumusunod:<br><br>a. Patient account statement<br>b. Billing statement<br>c. Patient bill<br>d. Medical invoice<br>e. Running bill |



CERTIFIED ISO 9001:2015 COMPANY
PhilHealthofficial teamphilhealth actioncenter@philhealth.gov.ph

| | |
|---|---|
| 4. Sino ang dapat lumagda sa mga dokumento na katumbas ng SOA? | Ang mga sumusunod ay dapat lumagda sa SOA:<br><br>1. Billing clerk o designated personnel ng billing section<br>2. Authorized o designated signatory na maaaring mag-certify na ang dokumento ay totoo at tama.<br>3. Miyembro/pasyente<br>-Ang representative o kamag-anak ay maaaring lumagda sa ngalan ng pasyente kung hindi pa nasa wastong edad, hindi kayang lagdaan o maglagay ng thumbmark ang pasyente sa dokumento. |
| 5. Anong ang mga uri ng lagda na maaaring gamitin sa SOA? | Pinahihintulutang gamitin ang mga sumusunod:<br><br>1. Handwritten or wet signature<br>2. Electronic or digital signature<br>3. Thumbmark ng pasyente |
| 6. Kailan dapat sumunod ang contracted health facility sa panuto o hakbang na nakasaad sa PhilHealth Circular ng SOA ng Z Benefits? | Ang PhilHealth Circular ng Statement of Account (SOA) para sa Z Benefits ay epektibo na sa Disyembre 17, 2022. Ang contracted health facility para sa Z Benefits ay kailangang magpasa ng SOA alinsunod o naaayon sa Circular pagkatapos ng animnapung (60) araw mula sa petsa na nagkaroon ng bisa ang nasabing Circular. |
| 7. Kailan dapat libre o walang bayad ang kopya ng Statement of Account (SOA)? | Ang isang contracted health facility ay dapat magbigay ng orihinal na SOA sa kanilang mga pasyente ng libre o walang anumang bayad.<br><br>Nasa pagpapasya naman ng contracted health facility kung libre o may bayad ang nasabing dokumento kapag naiwala o kumukuha ng panibagong kopya ang pasyente o kamag anak. Maaaring lagyan ng marka para magkaroon ng pagkakilanlan ang orihinal at kopya o duplicate ng SOA |
| 8. Ano ang Annual Statements of Accounts (Annual SOA)? | Ito ay dokumento na nagpapakita ng kabuuran ng transaksyon ng mga pasyenteng nag-avail ng bawat Z Benefits sa contracted health facility sa buong taon at sisimulan ngayong ika-1 ng Enero 2023. Ang nasabing dokumento ay ipapasa tuwing ika-15 ng Marso ng susunod na taon. |

| | |
|---|---|
| 9. Ano ang nilalaman ng Annual SOA? | Ang mga sumusunod na detalye ay dapat makita sa Annual SOA:<br><br>1. Listahan ng pasyente;<br>2. PhilHealth Identification Number;<br>3. Petsa (Petsa ng availment o petsa ng confinement);<br>4. Hospital charges, PF, Z Benefits package rate, at iba pang funding sources nan aka-indicate per tranche, kung applicable; at<br>5. Line item total ng lahat ng hospital charges, PF, Z Benefits package rate, at iba pang funding sources para sa nasasakop na calendar year (CY). |
| 10. Ano ang dapat gawin ng contracted health facility kung walang nakapag-avail o gumamit ng benepisyo para sa Z Benefits? | Ang mga contracted health facility ay kailangang magpasa ng liham na nagpapaliwanag kung bakit walang nakapag-avail o nakagamit ng benepisyo ng Z Benefits. |